TAGALOG

ながのけんインフォメーション（タガログ語版）

Hunyo 2021 Blg.66

# IMPORMASYON MULA SA NAGANO PREFECTURE

Citizens and Cultural Affairs Dep't.
International Community
Support and Passport Office
TEL：026-235-7173
tabunka@pref.nagano.lg.jp

Ang mga impormasyong inihahatid sa mga residenteng dayuhan sa Nagano Prefecture ay mula sa Kōhō Nagano Ken.

COVID-19

## Mga Paraan ng Konsultasyon para sa COVID-19

Ang Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center ay isang lugar na maaaring kumunsulta ng walang bayad kapag may problema ang mga residenteng dayuhang nakatira sa prepektura.

### ○ Telepono

０２６－２１９－３０６８
０８０－４４５４－１８９９
※Matatawagan sa araw at oras na bukás ang Center.

### ○ LINE Call App

Makakatawag gamit ang LINE Call App
I-read ang QR Code
※ Matatawagan sa araw at oras na bukás ang Center.

### ○ Direktang Pagkonsulta sa Center

Lugar：Monzen Plaza 3F
1485-1 Shindencho Nagano City

| | |
|---|---|
| Araw na Bukas | Lunes～Biyernes,<br>1・3 Sabado<br>(Maliban sa 1・3 Miyerkules) |
| Oras | 10:00～18:00 |
| Mga Suportadong Wika (15 Wika) | Chinese、Portuguese、Indonesia、Thai、Viet Nam、English、Korean、Tagalog、Spanish、Nepali、Malaysia、Myanmar、German、French、Khmer |

### ○ Zoom

Magagamit ang Zoom para sa konsultasyon online
Mag-mail sa address na ito para sa reservation
yoyaku@anpie.or.jp

### ○ Chatbot

Maaaring magtanong sa AI Chatbot
I-click ang icon ng Consultation Center



「Arukuma」
Opisyal na mascot ng Nagano Prefecture
Ⓒ Arukuma Nagano Prefecture

Kung may hinalang nahawaan ng COVID-19, tumawag sa numerong nasa ibaba
**０１２０－９７４－９９８** (Multilanguage Center for COVID-19・24H/ 20Wika)
※Nagbago ang numero mula Abril 2021



Ang Ministry of Health, Labour and Welfare ay tumutugon sa mga konsultasyon tungkol sa COVID-19 vaccine. Tumutugon din sa mga konsultasyon sa iba't ibang wika.

Telepono（Free Dial）：０１２０－７６１７７０

| Mga Suportadong Wika | Oras na Bukás (Sabado・Linggo・Piyesta Opisyal) |
|---|---|
| Nihongo、English、Chinese、Korean、Portuguese、Spanish | 9:00～21:00 |
| Thai | 9:00～18:00 |
| Viet Nam | 10:00～19:00 |

COVID-19

# Bagong Dining Guidelines sa Shinshu
# ～Mahalagang Punto Kapag 「Nag-uusap」 Habang Kumakain～

Suportahan natin ang mga kainan sa ating lugar at sundin ang paalala na nasa ibaba kapag kumakain sa labas kasama ng iba!

**Ang mahalagang punto kapag「nag-uusap」habang kumakain!**
**Ang mahalaga ay huwag magkalat at huwag makasagap ng droplets na nanggagaling sa bibig!**

①Piliing kumain sa mesa na may nakalagay na acrylic panels sa pagitan ng kaharap!
②Dumistansiya ng 1 metro mula sa iba! Iwasang kumain nang magkaharap!
③Kung mahirap gawin ang ① at ②, mag-mask o tumahimik habang kumakain !



Pamumuhay

# Ingatan ang Inyong Bisikleta Upang Hindi Manakaw

Dumarami ang pangangailangang sumakay ng bisikleta sa panahon ng pasukan.
Hindi mo ba nakakalimutang i-lock ang iyong bisikleta?
Umabot sa 823 ang kaso ng naitalang ninakaw na bisikleta nitong taong 2020 na ang 589 (72%) sa mga ito ay nanakaw dahil hindi naka-lock.

Upang hindi manakaw ang iyong bisikleta …
〇Ikandado kahit na nakalagay sa sariling lugar.
〇Ikandado kahit na kaunting oras lamang kailangang lumayo sa bisikleta.
〇Hangga't maaari, piliin ang parking na may surveillance camera.



Ang pagpaparehistro ng bisikleta ay mandatory. Iparehistro kaagad kapag bumili ng bisikleta.
https://nagano-bouhan.jp/bicycle/ (Nagano Prefecture Crime Prevention Association)

Disaster Prevention

# Mag-ingat sa Landslide Ngayong Tag-ulan

Mataas ang panganib na magkaroon ng landslide ngayong paparating na tag-ulan. Gamitin ang hazard map na ipinamamahagi ng munisipyo sa pagkumpirma ng evacuation center at ruta sa paglikas.

〇 *Safety tips* (App na mapagkukunan ng Impormasyon tungkol sa Kalamidad)

Ang Safety tips ay dinisenyo para sa mga banyagang turista sa Japan upang malaman ang impormasyon tungkol sa emergency warning tungkol sa lindol, tsunami, lagay ng panahon at babala sa paglikas.

May mga communication card na magagamit sa pakikipag-ugnayan sa mga tao sa paligid at link upang makakalap ng impormasyon kapag may likas na sakuna.
https://www.mlit.go.jp/kankocho/news08_000325.html



Ang 「Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center」 ay tumutugon sa mga konsultasyon tungkol sa pang-araw araw na pamumuhay sa 15 wika. (Walang bayad)
026-219-3068 / 080-4454-1899 Homepage：https://www.naganoken-tabunka-center.jp/